**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**BATANGAS CITY**

**OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**EXCERPT FROM THE MINUTES OF THE REGULAR SESSION HELD BY THE MEMBERS OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD OF BATANGAS CITY ON OCTOBER 25, 2022 AT THE SANGGUNIAN SESSION HALL**

**PRESENT:**

| | |
|---|---|
| Hon. Alyssa Renee A. Cruz, | Presiding Officer |
| Hon. Hamilton G. Blanco, | Councilor |
| Hon. Karlos Emmanjuel A. Buted, | " |
| Hon. Andrea Loise F. Macaraig, | " |
| Hon. Nestor E. Dimacuha, | " |
| Hon. Oliver Z. Macatangay, | " |
| Hon. Armando C. Lazarte, | " |
| Hon. Nelson J. Chavez, | " |
| Hon. Jose Jonash Luis F. Tolentino, | " |
| Hon. Zester Carlo M. Hernandez, | " |
| Hon. Isidra "Ched" M. Atienza, | " |
| Hon. Lorenzo A. Gamboa, Jr., | " |
| Hon. Michael C. Villena, | " |
| Hon. Angelito Dondon A. Dimacuha, | (ABC-Rep.) |
| Hon. Marjorie A. Manalo, | ( SK-Rep.) |

"On motion of Councilor Villena seconded by Councilor Nestor Dimacuha, the following Resolution was Adopted:

**RESOLUTION NO. 22-383 S. 2022**

**APPROVING BARANGAY ORDINANCE OF BARANGAY MAAPAZ, BATANGAS CITY REGARDING BARANGAY CLEARANCE FEE**

**RESOLVED,** to approve the Barangay Ordinance of Barangay Maapaz, Batangas City amending Ordinance No. 01 S. 2020 entitled: "Ordinansang Nagtatakda ng Singil sa Barangay Clearance at Nagbibigay Kapangyarihan sa Panlungsod na Ingat-Yaman na Kolektahin ang Barangay Clearance Fee at Mag-isyu ng Barangay Clearance".

**UNANIMOUSLY APPROVED."**

**Continuation of Resolution No. 22-383 S. 2022**

**APPROVING BARANGAY ORDINANCE OF BARANGAY MAAPAZ, BATANGAS CITY REGARDING BARANGAY CLEARANCE FEE**

---

I hereby certify that the foregoing Resolution No. 22-383 S. 2022 was approved by the Sangguniang Panlungsod of Batangas City during its Regular Session held on October 25, 2022.

**LUNINGNING A. AQUINO**
Board Secretary III

**NOTED:**

**ATTY. OLIVA D. TELEGATOS**
Secretary

**ATTESTED:**

**ATTY. ALYSSA RENEE A. CRUZ**
Presiding Officer

**ODT/LAA/ystingchuy…**

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES

BARANGAY MAAPAZ

BATANGAS CITY

October 12, 2022

The Honorable Alyssa Cruz
City Vice Mayor
Batangas City

Dear Vice Mayor,

Greetings !

This is officially endorse the copy of our Barangay Ordinance for the amendment of our Barangay ordinance " ORDINANSANG NAGTATAKDA NG SINGIL SA BARANGAY CLEARANCE AT NAGBIBIGAY NG KAPANGYARIHAN SA PANLUNSOD NA INGAT-YAMAN NA KOLEKTAHIN ANG BARANGAY CLEARANCE FEE AT MAG-ISYU NG BARANGAY CLEARANCE requesting for your approval.

Thank you very much.

Yours Truly,

Vlademir B. Arellano

Punong Barangay

Sangguniang Panlungsod
RECEIVED
By: Ibarquin
Date/Time: 10/19/2022 - 11:20 AM

Republic of the Philippines
Barangay Maapaz
Batangas City

HALAW SA KATITIKAN NG PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BARANGAY NG MAAPAZ NOONG IKA-05 NG SETYEMBRE, 2022 NA GINANAP SA BARANGAY MULTI-PURPOSE HALL.

MGA DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Vlademir B. Arellano | Punong Barangay | ______ |
| Manuelito D. Panganiban | Barangay Kagawad | ______ |
| Erlinda R. Gatdula | Barangay Kagawad | ______ |
| Racquel A. Del Mundo | Barangay Kagawad | ______ |
| Pedro A. Villena | Barangay Kagawad | ______ |
| Enrico P. Sena | Barangay Kagawad | ______ |
| Emelie J. Alisbo | Barangay Kagawad | ______ |
| Glenn G. Najito | Barangay Kagawad | ______ |
| Chrisler O. Gomez | SK Chairman | ______ |
| Maria Dolores A. Panganiban | Barangay Treasurer | ______ |

DI-DUMALO : WALA

ORDINANSA BLG. 02
SERYE 2022

ORDINANSANG NAG-AAMYENDA SA ORDINANSA BLG 01, SERYE 2020 NA MAY TITULONG "ORDINANSANG NAGTATAKDA NG SINGIL SA BARANGAY CLEARANCE AT NAGBIBIGAY KAPANGYARIHAN SA PANLUNSOD NA INGAT-YAMAN NA KOLEKTAHIN ANG BARANGAY CLEARANCE FEE AT MAG ISYU NG BARANGAY CLEARANCE.

SAPAGKAT, sa ilalim ng seksyon 152 (c) ng RA 7160, ng Local Government Code of 1991 ay binigyan ng kapangyaruihan ang Barangay na magbigay ng clearance para sa anumang lisensya o permit, negosyo o gawain na nasasakupan ng Barangay para sa layuning ito, ang Barangay ay maaring maningil ng Barangay Clearance Fee sa halagang maituturing na makatarungan;

SAPAGKAT, itinatakda din ng Republic Act 11032, "An Act Promoting Ease of Doing Business And Efficient Delivery Of Government Services Amending For The Purpose, Republic Act 9485, Otherwise Known As The Anti-Red Tape Act of 2007, And For Other Purposes", ang maayos na Sistemang paninigil upang mapabilis ang proseso ng pagpapatibay ng ibat-ibang uri ng permits sa pagnenegosyo;

SAPAGKAT, nararapat amyendahan ang Ordinansa Blg 01, Serye 2020 na may titulong " **Ordinansa Na Nagtatakda ng Singgil sa Barangay Clearance at Nagbibigay Kapangyarihan sa Panlunsod na Ingat-Yaman na Kolektahin ang Barangay Clearance at Mag isyu ng Barangay Clearance.upang makasunod alinsunod sa mga umiiral na batas ng pamahalaang lunsod;**

DAHIL DITO, ay ipinag-uutos ng Sangguniang Barangay ng Maapaz ang mga sumusunod na pagbabago/susog:

SEKSYON 1, Ang Seksyon 4, Titik A hanggang O ng Ordinansa Blg 1, Serye 2022 ay dinagdagan/ binabago/sinususugan ayon sa mga sumusunod:

| | |
|---|---|
| a. Sari-sari store | P 30.00 |
| b. Tindahan ng damit, sapatos, tsenilas, ukay-ukay at iba pang kauri nito | P 50.00 |
| c. Malls, supermarket, grocery, atbp | P 50.00 |
| d. Beauty parlor, Spa, barber shop, at iba pang kauri nito | P 50.00 |
| e. Fastfood, restaurant, foodcart, canteen | P 50.00 |
| f. Inn, lodge, motel, hotel | p 50.00 |
| g. Paupahang apartment, bedspace, boarding house | P 50.00 |
| h. Clinic, law office, accounting firm, real estate broker, at iba pang professional offices | P 50.00 |
| I. Money changer, lending investor, pawnshop, at iba pa | P 50.00 |
| J. Billboard, signages, at iba pang uri nito | P 50.00 |
| k. Publication, printing shop | P 50.00 |
| l. Pagtatrabaho ( employment) | P 20.00 |
| m. Computer shops | P 50.00 |
| n. Iba pang legal na layunin sa pagkuha ng barangay clearance | P 20.00 |
| 0. Piggery/poultry | P 50.00 |
| p. Lahat ng iba pang uri ng negosyo o hanapbuhay na itatayo sa barangay | P 50.00 |

SEKSYON 2. PAGKAKABISA. Ang Ordinansang ito ay magkakabisa sampung (10) araw pagkatapos na ito ay marepaso at mapagtibay ng Sangguniang Panglungsod.

PINAGTIBAY, ngayong ika-28 ng Setyembre, 2022.

NAGPAPATUNAY:

MELINDA C. GOMEZ
Kalihim ng Barangay

NAGPAPATIBAY:

VLADEMIR B. ARELLANO
Punong Barangay

MGA KAGAWAD:

MANUELITO D. PANGANIBAN

ERLINDA R. GATDULA

RACQUEL A. DEL MUNDO

PEDRO A. VILLENA

ENRICO P. SENA

EMELIE J. ALISBO

GLENN G. NAJITO

CHRISLER P. GOMEZ
SK Chairman

Republika ng Pilipinas

Barangay Maapaz

Lungsod ng Batangas

## BARANGAY ORDINANSA BILANG 01 S. 2020

ORDINANSANG NAGTATAKDA NG SINGGIL SA BARANGAY CLEARANCE AT NAGBIBIGAY NG KAPANGYARIHAN SA PANLUNSOD NA INGAT-YAMAN NA KOLEKTAHIN ANG BARANGAY CLEARANCE FEE AT MAG-ISYU NG BARANGAY CLEARANCE.

**SAPAGKAT,** SA ilalim ng Seksyon 152 (c) ng RA 7160 ng Local Gverment Code of 1991 ay binigyan ng kapangyarihan ang Barangay na magbigay ng clearance para sa anumang lisensya o permit , negosyo o gawain na nasasakupan ng Barangay para sa layuning ito, ang Barangay ay maaring maningil ng barangay Clearance Fee sa halagang maituturing na makatarungan;

**SAPAGKAT**, sa ilalim ng Seksyon 11 (f) ng RA 11032 ( Ease of Doing Business and Efficient Government Service Delivery Act of 2018) na nag-amyenda sa RA 9485 ( The Anti-Red Tape Act of 2007) ay binigyan ng kapangyarihan ang pamahalaan Lungsod na tumanggap ng application at mag-isyu ng Barangay Clearance at permit para sa mga negosyo at gawain sa nasasakupan ng barangay, at mangulekta ng Barangay Clearance Fee sang-ayon sa angkop na halagang itinakda ng Barangay.

**SAPAGKAT,** sa pamamagitan ng Joint memorandum Circular No. 2019-001 Series of 2019 ng Anti Red Tape Auhority, Civil Service Commision at Department of Trade and Industry ay itinakda ang Implementing Rules and Regulation nf RA No. 11032 upang maipatupad sa lahat ng ahensya ng pamahalaan , kasama ang mga barangay bilang local government units, na magbigay ng serbisyong may kaugnayan sa pagnenegosyo at katulad na gawain;

**SAPAGKAT,** naniniwala at nakikiisa ang Barangay Maapaz sa mga layunin ng RA 11032 para sa pagbibigay ng mabilis, epektibo , at matapat na serbisyong publiko;

**DAHIL DITO**, itinakda ng Sangguniang Barangay ang sumusunod:

**SEKSYON 1. Maikling Pamagat.**- Ang Ordinansang ito ay makikilala at tatawaging Barangay Clearance Ordinance ng Barangay **Maapaz.**

**SEKSYON 2. Nasasaklaw-** Ang Ordinansang ito ay sumasaklaw sa pag-iisyu ng Barangay Clearance at paniningil sa Barangay Clearance Fee para sa anumang negosyo , trabaho, o gawain sa nasasakupan ng Barangay **Maapaz,** Lungsod ng Batangas.

**SEKSYON 3. Kahulugan ng mga Salita.-** Kapag ginamit ang Ordinansang ito , ang mga sumusunod ng mga salita ay may kahulugan na:

a. Barangay Clearance- kasulatan na nagpapatunay na ang binigyan ay walang anumang pananagutang administratibo, sibil, o criminal, at iba pang katulad nito, sa nasasakupan ng barangay.

b.Barangay Clearance Fee- halaga ng singil ng Barangay para sa pagbibigay ng Barangay Clearance Fee.

b. Electronic Copy (E-copy) ng Barangay Clearance- kopya ng Barangay Clearance na makikita sa paggamit ng electronic equipment o tools, at maaring pagkunan ng printed o hard copy.

c. Electronic Signature- lagda ng barangay official na may kapangyarihang mag-isyu ng Barangay Clearance na nakatatak na sa electronic copy ng Barangay Clearance.

d. Negosyo- anumang legal na gawain , trabaho, o transaksyon na gumagamit ng puhunan o capital at naglalayong kumita ng tubo o profit.

SEKSYON 4. Pagpapataw ng Halaga ng Barangay Clearance ang sumusunod ang takdang singil para sa Barangay Clearance.

| | |
|---|---|
| a. Sari-sari store | P 30.00 |
| b. Tindahan ng damit, sapatos, tsenilas, Ukay-ukay at iba pang kauri nito | P 50.00 |
| c. Malls, supermarket, grocery, at iba pa | P 50.00 |
| d. Beauty parlor, spa, barber shop, at iba pang kauri nito | P 50.00 |
| e. Fastfood, restaurant, foodcart, canteen | P 50.00 |
| f. Inn, lodge, motel, hotel | p 50.00 |
| g. Paupahang apartment, bed space, boarding house | P 50.00 |
| h. Clinic, law office, accounting firm, real estate broker, at iba pang professional offices | P 50.00 |
| i. Money changer, lending investor, pawnshop at iba pa | p 50.00 |
| j. Billboard, signages, at iba pang uri nito | P 50.00 |
| k. Publication, printing shops | P 50.00 |
| l. Pagtatrabaho (employment) | p 20.00 |
| m. Computer shops | P 50.00 |
| n. Iba pang legal na layunin para sa pagkuha ng Barangay Clearance | P 20.00 |
| o. Piggery/Poultry | P 50.00 |
| p. Lahat ng iba pang uri ng negosyo o hanapbuhay Na itatayo sa barangay | P 50.00 |

**SEKSYON 5. Panahon ng Pagkuha ng Barangay Clearance-** Lahat ng negosyo , gawain o trabaho sa nasasakupan ng Barangay Maapaz ay kailangang kumuha ng Barangay Clearance bago magsimula ng operasyon ng kanilang negosyo, gawain o trabaho. Para sa renewal ng permit ng negosyo, gawain o trabaho, ang Barangay Clearance ay kailangan kuhanin sa buwan ng Enero ng bawat taon ng renewal.

**SEKSYON 6. Pagbibigay ng Kapangyarihan sa Ingat Yaman Ng Lungsod**- Ang Ingat Yaman ng Lungsod (City Treasurer) ay bibigyan ng karapatan ng Barangay Maapaz na mag-isyu ng electronic copy, o electronic generated/ printed copy ng Barangay Clearance na mayroon ng electronic signature ng Punong Barangay, para lamang sa Business Permit o renewal ng Business Permit. Binibigyan din ng pahitulot ang Ingat –Yaman ng lungsod na kolektahin ang angkop na halaga o singil sa Barangay Clerance ng negosyo at mag-isyu ng resibo para sa Barangay. Ang kabahagi ng barangay sa nakolektang halaga ng Barangay Clearance na nai-isyu ng City Treasurer ay isusulit sa Barangay o idedeposito sa angkop na barangay account sa loob ng pitong (7days) working days mula sa araw ng pagkolekta.

**SEKSYON 7. Tungkulin ng Pamunuan ng Barangay.-** Tungkulin ng lahat ng namumuno opisyal ng Barangay na magsasagawa ng pagpapalaganap ng impormasyon para sa epektibong pagpapatupad ng Ordinansang ito.

**SEKSYON 8. Kaparusahan.-** Ang sinumang lalabag sa ordinansang ito sa pamamagitan ng hindi pagbabayad ng itinakdang halaga ng Barangay Clearance , pagbabayad ng hindi sapat na halaga,o hindi pagbabayad sa itinakdang panahon ng pagbabayad ay papatawan ng multa na nagkakahalaga ng 25% ng halagang dapat bayaran o pagpapasara ng negosyo , gawain o trabaho, sang-ayon sa antas/tindi (gravity) ng paglabag.

**SEKSYON 9. Talatang nagbubuklod**.- kung sa anumang dahilan at ang alin mang bahagi ng ordinansang ito ay mapapatunayang labag sa Saligang Batas o mapawalang bisa, ang ibang bahagi nito na hindi saklaw ng paglabag ay magpapatuloy sa pagkakabisa.

**SEKSYON 10. Talatang nagpapawalang bisa.-** Lahat ng probisyo ng anumang Ordinansa, resolusyon o atas pampangasiwaan ng barangay na sumasalungat o hindi umaayon sa ordinansang ito ay mawawalang –bisa o kaya ay magbabago.

**SEKSYON 11. Pagkakabisa.-** Ang Ordinansang ito ay magkakabisa makalipas maapruban ng Sangguniang Panlungsod.

Nagpapatunay:

Melinda C. Gomez
Kalihim ng Barangay

Nagpapatibay:

Vlademir B. Arellano
Pangulo ng Barangay

Manuelito D. Panganiban
Kagawad

Erlinda R. Gatdula
Kagawad

Racquel A. Del Mundo
Kagawad

Pedro A. Villena
Kagawad

Enrico P. Sena
Kagawad

Emelie J. Alisbo
Kagawad

Glenn G. Najito
Kagawad

Chrisler P. Gomez
Sk Chairman

**Republic of the Philippines**
**BARANGAY MAAPAZ**
**BATANGAS CITY**

**OFFICE OF THE SANGGUNIANG BARANGAY**

KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BARANGAY NA GINANAP NOONG IKA-05 NG SEPTEMBRE, 2022 SA BARANGAY MULTI-PURPOSE HALL.

Ang pagpupulong ay pormal na sinimulan ganap na ika-5:00 ng hapon. Isang maikling panalangin ang pinangunahan ni kagawad Enrico P. Sena.

I. Pasalista:

Mga Dumalo:

| | | |
|---|---|---|
| Vlademir Arellano | ______________________ | Punong Baranga |
| Manuelito D. Panganiban | ______________________ | Kagawad |
| Erlinda R. Gatdula | ______________________ | Kagawad |
| Racquel A. Del Mundo | ______________________ | Kagawad |
| Pedro A. Villena | ______________________ | Kagawad |
| Enrico P. Sena | ______________________ | Kagawad |
| Emelie J. Alisbo | ______________________ | Kagawad |
| Glenn G. Najito | ______________________ | Kagawad |
| Chrisler P. Gomez | ______________________ | Sk Chairman |

II. Pagbasa at Pag-apruba sa Katitikan ng Nakaraang Pagpupulong

Binasa ng Kalihim Melinda Gomez ang katitikan ng nakaraang pagpupulong. Walang naging puna ang lahat kaya pinangunahan ni konsehala Erlinda R. Gatdula at pinangalawahan ni Konsehal Manuelito D. Panganiban na pagtibayin na ang nakaraang katitikan.

III. Mga Pinag-usapan:

- Barangay Material Recovery Facility ginagawa na, inasahang matatapos ito sa loob ng tatlong linggo.
- Pagsusunog ng mga basura mahigpit na ipinagbabawal.
- City health doctor bumisita sa barangay para alamin ang pang kalusugang pangangailangan ng ating barangay.
- Barangay health center na hinihiling ng pangulo may nakikita nang linaw ayon sa pangulo , 5 milyong piso ang nakalaang halaga, nabisita na rin ng DPWH.
- Panibagong water source na gagawin sa barangay nalakad na ang mga dokumentong kinakailangan .

- Barangay road na nasasakupan ng Bilogo papasok sa ating barangay gagawin na rin.

- **Ordinansa ng barangay Bilang 01, S. 2022 Ordinansang nagtatakda ng Singgil sa Barangay Clearance at Nagbibigay ng Kapangyarihan sa Panlungsod na Ingat-Yaman na Kolektahin ang Barangay Clearance Fee at Mag-Isyu ng Barangay Clearance napagkasunduan ng Sangguniang Barangay na aamyendahan para masakop ang lahat na negosyong itatayo sa barangay.**

- Utility ng barangay na si Bernardo Dipasupil nagpaalam na ng pagbibitiw sa kanyang tungkulin .

- Barangay maglalagay ng budget para sa grasscutter at blower.

- DILG nagpaalala sa mga barangay na magtanim.

- Patuloy pa rin ang ginagawang monitoring ng barangay sa mga kalsada at nananatiling walang anumang obstruction sa mga kalsada sa barangay.

- Maayos naman ang lahat na mga pangunahing mamamayan sa barangay.

- May monitoring ding ginagawa ang vawc/ vac at walang anumang naitatalang pang-aabuso sa mga kabataan at kababaihan sa barangay.

1V. Pagtitindig ng Pagpupulong

Ang susunod na pagpupulong ay sa ika- 24 ng Setyembre ,2022 sa Multi-Purpose Hall ng barangay.

Natapos ang pagpupulong ganap na ika-6:20 ng hapon sa pamamagitan ng isang pangwakas na panalangin.

Nagpatibay:

Vlademir B. Arellano
Punong Barangay

Nagpapatunay :

Melinda C. Gomez
Kalihim ng Barangay

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
BARANGAY MAAPAZ
BATANGAS CITY

Oktubre 12, 2022

# P A G P A P A T U N A Y

Ito ay nagpapatunay na ang ordinansa ng barangay na nag aamenyenda sa " Ordinansang Nagtatakda ng Singil; sa Barangay Clearance at Nagbibigay ng Kapangyarihan sa Panlunsod na Ingat -Yaman na Kolektahin Ang Barangay Clearance Fee at Mag-isyu ng Barangay Clearance" ay nai paskil sa tatlong hayag na lugar sa nasasakupan ng barangay.

Signed:

Vlademir B. Arellano
Punong Barangay